**Kasalukuyan at binabalak na mga hakbang para sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay ng mga lahi**

**Kagawaran ng Transportasyon**

Ang Kagawaran ng Transportasyon ang kinauukulang nangangasiwa sa Ordinansa Sa Trapikong Panlansangan at pagsasabatas para sa pangangasiwa ng trapikong panlansangan, regulasyon ng mga pampublikong serbisyong pantransportasyon at operasyon ng mga pangunahing imprastrukturang pangtransportasyon.

Nakatuon kami sa pagbibigay ng pinakamahusay na sistema ng transportasyon sa daigdig na ligtas, maaasahan, episyente, makakalikasan at nakalulugod sa mga gumagamit at tagapagpatakbo.

Labis naming pinahahalagahan ang pagtiyak na may pantay na akseso sa aming mga serbisyo ang lahat ng miyembro ng publiko, anuman ang kanilang lahi.

Kaugnay Na Serbisyo

- Pagsusulit para sa mga sasakyan, pagsusulit para sa pagmamaneho, pagkuha ng lisensya at iba pa Serbisyo katulad ng pagkuha at pagri-renew ng iba't-ibang lisensya at pahintulot, pagkuha ng tanda nga pagkakarehistro ng sasakyan, pag-apply para sa pagbayad para sa pagtatanggal ng mga sasakyang komersyal bago dumating ang Euro IV at serbisyo ng pagtala ng lisensya.

- Serbisyong online para ipalaganap ang impormasyon tungkol sa trapiko at transportasyon.

Kasalukuyang Mga Hakbang

- Gumagamit ang Kagawaran ng Transportasyon (TD) ng Tsino at Inggles sa pagbibigay ng serbisyo.

- Makikita ang impormasyon tungkol sa aming mga serbisyo sa website ng TD sa parehong Tsino at Inggles.

- Makikita ng publiko ang mga application form at mgaa leaflet na may impormasyon sa parehong Tsino at Inggles.

- Magbibigay ng serbisyo ng pagsasaling-wika kung kailangan at wasto sa pamamagitan ng Sentro ng Serbisyong Pangsuporta para sa mga Minoriyang Etniko.

- Maaaring umupa ang mga kandidato ng sasakyang hindi komersyal na hindi kayang makipag-usap sa Kantones, Mandarin at Inggles at hindi kayang magbasa ng Tsino o Inggles ng isang tagapagsaling-wikang rehistrado sa mga ahensya ng pamahalaan o organisasyong hindi pampamahalaan (NGO) upang magbigay ng serbisyo ng pagsasaling-wika haabang kumukuha ng nakasulat na pagsusulit. Kung kailangan at kayang

gawin, tutulong ang TDsa pagkikipag-ugnayan sa Hong Kong Christian Service's Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents (CHEER) upang magbigay ng serbisyo ng pagsasaling-wika para sa mga kandidato sa panahon ng pagsusulit; nagbibigay sila ng serbisyo sa walong wika, Indonesian, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Vietnamese at Urdu.

- May mga poster na nakapaskil sa mga tanggapan ng pagbibigay ng lisensya upang isapubliko ang pagkakaroon ng mga serbisyo ng wika ng CHEER.

- Bibigyaan ang mga tauhang front-fine para sa pagpapalisensya at kaugnay na serbisyo ng kard na pantukoy ng wika (*language identification card*) na ibibigay ng CHEER upang padaliin ang pakikipag-usap sa mga aplikante ng magkakaibang lahi kung kailangan.

- Kung nag-aapply para sa mga lisensya o pahintulot kung saan hinihingian ang mga aplikante ng magkakaibang lahi ng kasamang nakasulat na impormasyon, bibigyan ang mga aplikante ng webpage link o hotline ng Home Affairs Department (HAD) on Support Service Centres for Ethnic Minorities kung saan maari silang humingi ng tulong para sa wika kung kailangan.

- Magbibigay ang mga reception counters sa mga tanggapan ng TD ng webpage link at hotline ng HAD on Support Service Centres for Ethnic Minorities sa mga tao ng magkakaibang lahi upang makahingi sila ng tulong kung kailangan.

- Magbibigay ng pagsasanay ng tauhan sa pagiging sensitibo sa mga lahi at pagkakaiba-iba ng kultura sa lahat ng tauhan ng TD. Halimbawa, kasama ang briefing sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi sa Programa ng Pagtatalaga para sa mga bagong recruit at bagong tauhang inilagay sa TD, gayundin ang pagsasanay sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi na inorganisa ng Civil Service College at iba pang mga institusyon.

Pagtatasa (Assessment) ng Trabaho sa Hinaharap

- Repasuhin ang aming mga serbisyo paminsan-minsan at gumawa ng pagpapabuti katulad ng nararapat..

Mga Karagdagang Hakbang na Ginagawa/ Gagawin

- Hinihimok ng TD ang mga miyembro ng tauhan na dumalo sa mga kurso ng pagsasanay upang paghusayin ang pagiging

sensitibo ng tauhan at pag-unawa ng mga usaping kaugnay ng lahi.

Para sa mga tanong tungkol sa mga kasaulukuyan at binabalak na hakbang sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay ng mga lahi, mangyaring tawagan si Binibining Charlotte YU, Pangalawang Kalihim/Pangangasiwa 2 sa mga sumusunod –

| | | |
|---|---|---|
| Telepono bilang | : | 3842 5575 |
| Fax no. | : | 2824 0433 |
| Email | : | AS2-A-DS@td.gov.hk |
| Direksyon sa Koreyo | : | 10/F, South Tower, West Kowloon Government Offices, 11 Hoi Ting Road, Yau Ma Tei, Kowloon |

**Kagawaran ng Transportasyon**
**Mayo 2023**